HALAW SA KATITIKAN NG IKA – 37 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG IKA – 24 NG ABRIL 2023 SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN, GUSALING ABC, CAVINTI, LAGUNA

MGA DUMALO: KGG. MILBERT L. OLIVEROS, Pangalawang Punumbayan/ Nangungulong Pinuno;

Kgg. Charles Clifford F. Matta; SB Member;
Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member;
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman, SB Member
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Elma P. Flores, SB Member;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member; at
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member;

HINDI DUMALO: Kgg. Manuel A. Dela Roca, SB Member/ABC-President;
*(Official Business)*
Kgg. Hyra Jane A. Valdopeňas, SKF President
*(Vacation Leave)*

## KAPASIYAHAN BLG. 195 - 2023

**ISANG KAPASIYAHAN NA MAPITAGANANG NAGBIBIGAY KARANGALAN AT PAGKILALA SA IKA-100 NA TAONG PAGKAKATATAG NG PAARALANG ELEMENTARYA NG CAVINTI, ISA SA KAUNA-UNAHANG PAARALAN SA BAYAN NG CAVINTI, LALAWIGAN NG LAGUNA, AT PAGBIBIGAY PAGBATI SA SELEBRASYON NG KANILANG *ALUMNI HOMECOMING***

**May Akda : SB ROMEL J. VILLANUEVA**
*Chairman, Committee on Ordinances and Legal Matters and Committee on Education*

**SAPAGKAT, SAPAGKAT**, matapos ang digmaang Filipino-Amerikano (1898-1901) at noong ika-10 ng Marso 1901 ay pinasimulan ang pagbuo ng Kagawaran ng Pampublikong Pagtuturo na kung saan ang pangunahing lingwahe ng pagtuturo ay ang salitang Ingles kapalit ng salitang Espanyol;

**SAPAGKAT,** ang mga pampublikong paaralan na binuo ng gobyernong amerikano ay binubuo ng elementarya (apat na taong pag-aaral) at intermedya( tatlong taon na pag-aaral) bago pumasok ng sekondarya (*highschool*) na nangangahulugan na ang paaralang elementarya ng Cavinti ang isa sa unang naitatag sa Bayan ng Cavinti;

**SAPAGKAT,** ng pamahalaan ang Pilipinas ng Gobyernong Militar ng mga Americano at sa atas ng *Act No. 74* ng 1901, na ang mga batang may edad na pito ay kinakailangang iparehistro sa mga itatayong paaralan sa bawat bayan;

**SAPAGKAT,** pinagkaisahan ng mga mamamayan ng labing-siyam(19) na Barangay na umatag upang patagin ang pagtatayuan ng mga silid-aralan ang isang lagay na lupa sa Barangay ng Duhat patungong Bayan ng Pagsanjan;

**SAPAGKAT,** ang kinatatayuan ng kasalukuyang Paaralang Elementarya ng Cavinti na siyang disenyo ng nakaraang gobyerno at akma na siyang sentro ng

ARNEL "ANTLEE" R. ARROYO
Municipal Mayor

MILBERT L. OLIVEROS
Vice - Mayor

NITZSHELL TORRES DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

OFFICE OF THE MAYOR
CAVINTI, LAGUNA
RECEIVED
BY: [signature]
DATE: 5/7/23 TIME: 1:09 pm

pagpapanday ng karunungan na kung kaya't ito ay tinawag din noon hanggang sa kasalukuyan na *Cavinti Central School*;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa *Elementary Education Act* ng 1953, kaalinsabay rin na ang mga baryo ng bayan ng Cavinti ay may mga paaralan na hanggang ikaapat na baitang lamang at inaatasan sa itinalagang sentro ng elementarya na magtapos hanggang ikaanim na baitang;

**SAPAGKAT,** masasabi na rin na ang Mababang Paaralan ng Cavinti ang isa sa unang naging pandayan ng mga ninuno ng kasalukuyang henerasyon na nagbigay daan sa tuluyang pag-unlad ng Bayan ng Cavinti;

**SAPAGKAT,** sa ika-30 ng Abril taong 2023 ay magdadaos ang selebrasyon ng ika-100 na taon ng pagkakatatag ng Paaralang Elementarya ng Cavinti na dadaluhan ng mga naging mag-aaral at guro nito, mainam na pagkakataon upang gunitain ang mga masasayang alaala kung paano nilinang ng mahal na paaralan ang bawat isa;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** matapos ang isang masusi talakayan sa mungkahi ni SB ROMEL J. VILLANUEVA , na pinangalawahan at buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng ginagawang pagpapasiya na **MAPITAGANANG BINIBIGYANG KARANGALAN AT PAGKILALA SA IKA-100 NA TAONG PAGKAKATATAG NG PAARALANG ELEMENTARYA NG CAVINTI, ISA SA KAUNA-UNAHANG PAARALAN SA BAYAN NG CAVINTI, LALAWIGAN NG LAGUNA, AT PAGBIBIGAY PAGBATI SA SELEBRASYON NG KANILANG *ALUMNI HOMECOMING*.**

**IPINASIYA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Tanggapan ng Pambayang Tagapamasid Pampurok Gng. Soledad S. Villanueva, ang Tanggapan ng Kasalukuyang Punong Guro ng mababang Paaralan ng Cavinti Gng. Rosie C. Abad, ang Pinuno ng Samahan ng *Alumni* at mga miyembro.

**IPINASIYA PA RIN,** na mabigyan ng sertipiko ng pagbibigay karangalan sa pamamagitan ng isang kuwadro na may pangalan at lagda ng Kasalukuyang Punumbayan KGG. ARRANTLEE R. ARROYO at ng May-Akda KGG. ROMEL J. VILLANUEVA at pagbasa na rin ng nilalaman ng Kapasiyahan sa ARAW NG *ALUMNI HOME COMING* sa ika-30 ng Abril 2023 ng nasabing Paaralan.

**UTOS**: Sa Kalihim ng Sangguniang Bayan ng Cavinti, Laguna, na padalhan ng sipi ng kapasiyahan ito, ang lahat ng Tanggapan at Ahensya na may kinalaman dito para sa kanilang kaalaman at pagpapatupad.

**PINAGTIBAY.**

**PINATUTUNAYAN KO** na ang kapasiyahang nasasaad sa itaas ay halaw sa katitikan ng ika – 37 na Pangkaraniwang Pagpupulong ng Sangguniang Bayan noong ika – 24 ng Abril 2023.

NITZSHELL TORRES DELA TORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

MAY KINALAMAN:

**MILBERT L. OLIVEROS**
Pangalawang Punumbayan/Nangulong Pinuno

PINAGTIBAY:

**ARRANTLEE R. ARROYO**
**PUNUMBAYAN**